# Ano ang Workplace Justice visa?

Ang **Workplace Justice** visa ay isang pansamantalang visa na nagpapahintulot sa ilang mga may hawak ng pansamantalang visa o kamakailan lamang humawak ng pansamantalang visa na manatili sa Australia upang magsagawa ng ligal na aksyon kung sila ay inabuso sa trabaho.

Dapat na may hawak ka o nakahawak ng isang pansamantalang visa na may karapatan sa trabaho upang makakuha ng Workplace Justice visa.

**Hindi mo** kailangang magbayad ng halaga para mag-aplay para sa Workplace **Justice visa.**

## Ikaw ay maaaring karapat-dapat kung ikaw ay:

- Upang maging karapat-dapat para sa Workplace Justice visa kailangan mong:
- Nasa Australia alinman sa:
    - Nasa pansamantalang visa na may karapatan sa trabaho (maliban sa isang Bridging visa, Criminal Justice visa or Enforcement visa) na mawawalan ng bisa sa loob ng 28 na araw o mas mababa O
    - Nakahawak na ng pansamantalang visa na may karapatan sa trabaho (maliban sa Bridging Visa, Criminal Justice Visa o Enforcement visa) na nawalan ng bisa nang hindi hihigit sa nakalipas na 28 na araw.
- Ipa-certify ang iyong kaso ng pang-aabuso sa trabaho sa isang akreditadong organisasyon na nagbibigay ng sertipikasyon (tingnan ang listahan sa ibaba).
- Magkaroon ng health insurance at sapat na mga pondo upang masustentuhan mo ang iyong pamamalagi sa Australia.
- Balak mamalagi sa Australia sa pansamantalang panahon.
- Matugunan ang ilang mga pamantayan sa kalusugan at karakter.

## Ikaw ay maaaring hindi karapat-dapat kung ikaw ay:

- Maaaring hindi ka maging karapat-dapat sa Workplace Justice visa kung ang visa mo ay tinanggihan o nakansela.
- Hindi ka magiging karapat-dapat sa Workplace Justice visa kung hindi ka nakahawak ng isang pansamantalang visa na may karapatan sa trabaho nang higit na 28 na araw at kasalukuyang may hawak na Bridging visa, Criminal Justice visa, Enforcement visa o may paglabag sa batas.

### Maaari kang mayroon ng kaso ng pagsasamantala sa trabaho kung:

- Hindi ka nababayaran nang sapat (o hindi kailanman)
- Ikaw ay pinilit na magbayad para sa isang trabaho
- Ikaw ay nagtrabaho sa mga hindi ligtas na kondisyon
- Ikaw ay nakaranas ng sekswal na panliligalig
- Pinagbantaan ka ng iyong amo na kanselahin ang visa mo
- Ikaw ay inalis sa trabaho nang hindi patas
- Ikaw ay pinilit na kumuha ng ABN gayong ikaw ay dapat na isang empleyado.

## Gusto kong mag-aplay ng Workplace Justice visa, ano ang dapat kong gawin?



## Gusto kong mag-aplay ng **Workplace Justice visa,** ano ang dapat kong gawin?

Mahalagang kumuha ka ng payo hinggil sa batas sa imigrasyon at trabaho bago mag-aplay para sa Workplace Justice visa.

**1**

Hakbang 1: Dapat kang kumuha ng payo hinggil sa batas sa imigrasyon. Maaari kang makipag-ugnayan sa isang sentrong pambatas sa komunidad na dalubhasa sa batas ng imigrasyon, isang unyon (at humiling ng referral sa kanilang serbisyo sa batas ng imigrasyon) o isang pribadong ahente o abogado ng migrasyon.

**2**

Hakbang 2: Kung kukumpirmahin nilang maaari kang karapat-dapat para sa Workplace Justice visa, dapat kang makipag-ugnayan sa isang organisasyon na magbibigay sa iyo ng payo sa batas sa trabaho at sesertipikahan ang iyong kasong pagsasamantala sa trabaho.

Ang mga sumusunod na organisasyon ang maaaring magbigay ng sertipikasyon sa iyong kasong pagsasamantala sa trabaho.

- Fair Work Ombudsman
- Australian Rail, Tram and Bus Industry Union
- Australian Workers' Union
- Australasian Meat Industry Employees' Union
- Electrical Trades Union of Australia
- Human Rights Law Centre
- Migrant Workers Centre
- Redfern Legal Centre
- SA Unions
- Shop, Distributive and Allied Employees' Association
- Unions Tasmania
- The Association of Professional Engineers, Scientists and Managers
- UnionsACT
- Transport Workers' Union of Australia
- Unions NSW
- UnionsWA
- United Workers Union
- WEstjustice

**3**

Hakbang 3: Kapag natanggap mo na ang iyong sertipikasyon, kailangan mong makipag-ugnayan sa ahente o abogado ng migrasyon para matulungan ka sa iyong aplikasyon. Maaari ka rin mag-aplay para sa Workplace Justice visa sa pamamagitan ng iyong ImmiAccount. Kinakailangan mong mag-aplay para sa subclass 408 visa sa "Workplace Justice Pilot" at magbigay ng mga sumusunod na mga dokumento sa iyong aplikasyon:

- Sertipikasyon ng kaso sa pagsasamantala sa trabaho (tingnan ang listahan ng mga organisasyong maaaring magbigay ng sertipikasyon sa iyong kasong pagsasamantala sa trabaho sa itaas).
- Ebidensya na mayroon kang sapat na pondo para sa iyong pananatili sa Australia.
- Ebidensya na mayroon kang sapat na health insurance.

**Queensland Migrant WorkWise**

Matuto nang higit pa tungkol sa Workplace Justice visa dito:

qldmigrantworkwise.com

This material was developed with funding from the Australian Government

## PINAGSAMANTALAHAN SA TRABAHO?

**Maaari kang manatili sa Australia para gumawa ng ligal na hakbang.**

Magtanong tungkol sa

# WORKPLACE JUSTICE VISA.

**Queensland Migrant WorkWise**

